

Mga Madalas Itanong

Kung ang ari-arian ay muling tatasahin kada tatlong taon, bakit nagbabago ang singil sa buwis sa ari-arian kada taon?

Una, maaaring magbago ang assessed value ng ari-arian o rehiyon. Maaaring muling tatasahin ang mga ari-arian, maaaring maghain ng mga apela, maaaring i-claim ang mga bagong iksemsyon, o maaaring magkaroon ng bagong konstruksyon sa isang lugar. Bukod dito, ang nagdudulot ng pagpapantay, na kinakalkula kada taon ng Illinois Department of Revenue (IDOR, Kagawaran ng Kita ng Illinois) ay maaaring magbago. Bilang panghuli, ang lokal na antas ng buwis, na inaangkop sa ari-arian at kinakalkula ng Klerk ng Cook County kada taon ay maaaring magbago kung ang distritong nagpapataw ng buwis ay nangangailangan ng mas higit o kaunting kita sa buwis para tustusan ang badyet nito.

Magbabayad ba ako ng mas kaunting buwis sa ari-arian kung maghahain ako ng apela?

Maaaring itama ng apela ang pagkatumpak ng pagtatasa sa iyong ari-arian. Ang pagtaas (o pagbaba) sa pagtatasa sa iyong tirahan ay hindi direktang nauugnay sa parehong pagtaas (o pagbaba) ng iyong mga buwis sa ari-arian. Hindi pagpapasyahan ng Assessor ang mga buwis na ipinapatas sa ari-arian, antas, o halaga ng mga singil.

Ang bahagi ng iyong ari-arian sa kabuuang assessed value ng lahat ng ari-arian sa loob ng iyong komunidad ay nakakaapekto sa iyong bahagi ng mga buwis sa ari-arian sa iyong komunidad.

Ibig sabihin, ang halaga ng iyong tirahan ay maaaring tumaas, habang ang bahagi nito sa mga buwis sa ari-arian ay maaaring tumaas, bumaba, o manatiling pareho dahil sa muling pagtatasa sa iyong lungsod, nayon, o bayan. Kung ang mga pagtatasa sa ibang mga ari-arian ay tumaas ng mahigit kaysa sa iyo, maaari nitong paliitin ang bahagi sa mga buwis sa ari-arian ng iyong tirahan.

Kailangan ko bang kumuha ng isang taong babayaran ko para maghain ng apela?

Hindi mo kailangang kumuha ng isang taong babayaran mo para maghain ng apela. Ang paghahain ng apela ay libre at maaaring gawin online ng kasing-ikli ng 20 minuto.

Ang brochure na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga apela sa pagtatasa sa ari-arian at mga dahilan kung bakit maaaring isaalang-alang ng may-ari ng tirahan ang paghahain.



Layunin ng aming tanggapan ang lumikha ng proseso ng pagtatasa na patas, etikal, at malinaw. Sa maraming wala pang katulad na kaganapan sa mga nagdaang ilang taon, patuloy na iniaakma at inuuna ng aming tanggapan ang kaligtasan. Ang aming mga pagsusumikap sa pakikipag-ugnayan ay kumbinasyon ng mga sa-personal at virtual na workshop sa Youtube at Facebook. Nakikipagtulungan din kami sa mga lokal na naihalal na opisyal sa buong Cook County upang magbigay ng tulong sa mga may-ari ng tirahan tungkol sa kung paano maghain para sa mga eksemsyon at apela.

Gayon din, patuloy kaming gagawa ng mga pagpapabuti sa teknolohiya na aming ginagamit at pasisimplehin ang aming mga proseso upang mabawasan ang pangangailangan para sa pagbisita sa tanggapan at form na nakakaubos ng oras.

Narito kami para tulungan ka. Mayroong sa-personal na tulong sa aming mga sangay na tanggapan. I-scan ang QR code sa ibaba upang gumawa ng appointment sa lokasyon na malapit sa iyo. Mangyaring tandaan na maaari kang makipag-ugnay sa pamamagitan ng telepono, email o social media para sa anumang mga katanungang mayroon ka.

Sumasaiyo,
Fritz Kaegi
Assessor ng Cook County


I-follow kami



Pangunahing Tanggapan
118 N. Clark St., 3rd Floor,
Chicago, IL 60602
312.443.7550
cookcountyassessor.com

Gabay Upang Maunawaan ang mga Apela sa Pagtatasa sa Ari-arian


PARA SA MGA ARI-ARIANG TIRAHAN



**ASSESSOR'S
OFFICE**

Unawain ang Siklo ng Pagtatasa sa Ari-arian

Sinusunod ng Cook County ang siklo ng muling pagtatasa kada tatlong taon na nangangahulugan na ang pagpapasya sa fair market value (patas na halaga sa merkado) ng bawat ari-arian at ang katumbas na assessed value (halaga ng pagtatasa) ay isinasagawa kada tatlong taon. Ang taon ng muling pagtatasa sa ari-arian ay depende sa lugar kung saan matatagpuan ang ari-arian.



Kapag muling tinasa ang ari-arian, ang Assessor's Office (Tanggapan ng Tagapagtasa) ay magpapadala ng reassessment notice (abiso sa muling pagtatasa) sa may-ari-arian, na mayroong address ng ari-arian, mga katangian nito, at ang ini-update na tinantiyang Fair Market Value. Sa 2023, ganito ang magiging katayuan nito.

2024 REASSESSMENT NOTICE

Ang tinantiyang Fair Market Value ng ari-ariang ito sa 2024 ay: **\$280,000**

2024 Market Value: **\$280,000**

2 Your Property Characteristics

Neighborhood Code:	Land Sq. Footage:	Assessment Year:	2024 Market Value:
Property Age:	High Sq. Footage:	Assessed Value:	\$280,000
Class Code:	Exterior Construction:	Assessed Value:	\$280,000

3 Property Market Value and Assessment History

Year	Class	Assessed Value	2024 Market Value
2023	(L) (A) (C)	\$280,000	\$280,000
2022	(L) (A) (C)	\$280,000	\$280,000
2021	(L) (A) (C)	\$280,000	\$280,000

Filing an appeal

The deadline to file an appeal is: **XXXX/XXXX**

Kung ang mga katangian ng ari-arian na nakalista sa iyong assessment notice (abiso ng pagtatasa) ay hindi tama, o kung ang tinantiyang market value (halaga sa merkado) ng iyong tirahan ay higit na malaki kaysa sa halagang pinaniniwalaan mong maibebenta mo ang iyong tirahan sa kasalukuyang merkado ng real estate, maaari kang maghain ng apela sa muling pagtatasa. Ang huling petsa para maghain ng apela ay naka-print sa iyong abiso.

Narito ang isang mabuting panuntanan: Kung ang mga katangian ng ari-arian sa abiso ay tama at ang tinatayang market value ay nasa loob ng 10 porsyento ng kung ano ang sa tingin mong halaga ng iyong tirahan, malamang na hindi mababago nang sapat ng iyong apela ang assessed value ng iyong ari-arian upang lubos na maapektuhan ang singil na buwis sa iyong ari-arian.

Proseso ng Paghahain ng Apela sa Pagtatasa

- 1 Makakatanggap ang may-ari ng tirahan ng Assessment Notice na naglalaman tinantiyang market value at assessed value.**
- 2 Naniniwala ang may-ari ng tirahan na ang tinantiyang market value na nakalista sa kanyang Assessment Notice ay mas malaki kaysa sa halaga ng kanyang tirahan.**
- 3 Titingnan ng may-ari ng tirahan ang kalendaryo online upang malaman kung kailan maaaring maghain ng apela.**
- 4 Maghahain ng apela ang may-ari ng tirahan online.**
- 5 Pagpapasyahan ng tauhan sa Assessor's Office kung aayusin ang assessed value.**
- 6 Tatanggap ang may-ari ng tirahan ng liham ng resulta mula sa Assessor's Office.**

3 Dahilan Para Maghain ng Apela sa Pagtatasa

Pinakakaraniwan na ang hamunin ng mga may-ari ng tirahan ang pagkatumpak ng fair market value dahil sa unipormidad o labis na pagsusuri. Maaari ring maghain ang mga may-ari ng tirahan ng apela batay sa hindi tamang impormasyon tungkol sa mga katangian ng kanilang ari-arian. Narito ang kung paano naiiba ang mga apelang iyon:

1. Kakulangan sa Unipormidad
Kung naniniwala kang kulang ng unipormidad ang iyong tahanan kumpara sa tinasang halaga ng mga katulad na ari-arian sa iyong lugar, maaari kang magbigay ng sumusuportang dokumentasyon tulad ng mga maikukumparang ari-arian upang suportahan ito.

2. Labis na Pagsusuri
Kung naniniwala kang labis ang itinasang halaga sa iyong tahanan kumpara sa mga katulad na tahanan sa iyong lugar, maaari kang magbigay ng sumusuportang dokumentasyon, tulad ng mga closing statement (pahayag ng pagkumpleto ng pagbili ng tahanan) kamakailan, o mga halaga ng pagbili ng mga tahanan na katulad ng sa iyo.

3. Hindi Tamang Paglalarawan sa Ari-arian
Kung ang reassessment notice ay maglilista ng pagkakamali gaya ng hindi tamang talampakang kuwadrado, klasipikasyon, o pagkakamaling maaaring makaapekto sa market value, maaaring maghain ng apela. Maaaring magsumite ng sumusuportang dokumentasyon gaya ng mga record card ng ari-arian o mga pinetsahang larawan kasama ang iyong apela. Ngunit mahalagang tandaan na ang maliit na pagkakamali ay hindi naman magpapahiwatig ng hindi tamang pagtatasa.

Kailan Maghahain ng Apela

Sa panahon ng muling pagtatasa ng ari-arian sa taong iyon, maaaring ihain ang isang apela sa loob ng 30 araw pagkatapos maipadala ang abiso sa bagong assessed value.

Kung hindi, maaaring ihain ang mga apela sa partikular na panahon kada taon, depende sa lugar kung saan matatagpuan ang ari-arian. Upang mahanap ang panahon ng pag-apela para sa iyong lugar, mangyaring pag-aralan ang Reassessment and Appeals Calendar (Kalendaryo para sa Muling Pagtatasa at mga Apela) na matatagpuan sa www.cookcountyassessor.com